Ang Bahaghari

Tumingin ka sa langit
pagkatapos ng ulan.
Minsan ay mayroong
handog ang kalikasan.

Sa hangin na sa atin
ay pumapaligid,
may mumunting
butil ng tubig.

Kapag sila ay dinapuan
ng sikat ng araw,
may kakaiba kang matatanaw.
Isang arkong makulay,
kagandahan ang taglay.

Nauuna sa itaas ang pula.
Katabi nito ang kulay narangha.
Nariyan ang masiglang kulay dilaw
at sa ilalim nito
ang magigiting na luntian at bughaw.
Ang kulay indigo at lila
ang nasa ibaba.
Sari-saring kulay na nakamamangha.



Bahaghari ang tawag
sa arkong ito.
Pagtila ng ulan
maaaring ito'y makita mo.

Hindi ito tumatagal,
madali itong nagpapaalam.
Ngunit habang nariyan
handog ay kasiyahan.

© 2015 Pia Noche

Pangalan _____ Petsa _____

Kulayan mo ang bahaghari.
Sundan ang tamang pagkakasunud-sunod ng mga kulay.

pula
narangha
dilaw
luntian
bughaw
indigo
lila



© 2015 Pia Noche